# DAGATUN: KUNG PAANO KO ISINUKA ANG LAHAT SA BAWAT BIYAHE

Hannah Adtoon Leceña

## I. PASINTABI: AKO AY *DAGATUN*.

Pasintabi. Pero palagi akong sumusuka tuwing bumibiyahe. *Dagatun* ang tawag ng mga tao sa kondisyon ko. Yong tipong laging nahihilo at nasusuka sa bangka sa tuwing naglalayag sa dagat. Kaya hindi ako puwedeng sumama sa pangmatagalang paglalakbay tulad ng ekspedisyon. Hindi rin ako puwedeng magtagal sa loob ng tren. Di tulad ng mga artista sa pelikulang napapanood ko kung saan naghahabulan o nagsusuntukan pa ang bida at kalaban habang humaharurot itong sasakyang tila mga centipedes sa dami ng paa. O kahit na siguro sa floating air balloon di ko rin kaya. Mas lalo na sa spaceship. Baka mamatay lang ako sa kasusuka. Magmula noong nasa elementarya ako ganito na ang naging "talent" ko. Suka here. Suka there. Suka everywhere! At talaga namang perwisyo ito para kay Mamang.

Nasusuka, pinagpapawisan at sumasama ang pakiramdam ko kapag nakasakay sa mga sasakyang de-air con at gumagalaw. Yong tipong para akong dinuduyan. Ang sabi nila, sanhi raw ito ng pabago-bagong balanse ng tao, minsan naman dahil sa vertigo o *kabuhi* kung tawagin ng matatanda sa amin. Parang may nagkakarambola sa loob ng aking tiyan. Parang nagtutulakan ang aking mga bituka at nag-uunahang ilabas ang mga kinain ko kanina. Kaya lagi kong isinusumpa ang pagsakay sa van, kotse, bus, multicab at sa

iba pang sasakyang air-conditioned at in motion. Itinuring ko itong greatest fear. Pero hindi naman ako nasusuka kapag nakaangkas sa motor, kariton o sa likod ng alagang kalabaw ni Lolo. Kaya malaki ang hinala ko na dahil ito sa mga aircon na mga sasakyan. Nalalamigan kasi ang aking tiyan, o baka dahil ito sa masamang amoy kahit pa maglagay sila ng air freshener. Hindi talaga ako puwede sa mamahaling tranportasyon. Nagbiro si Mamang na jeep na lang daw ang bilhin ko kapag marami na akong pera, at huwag na kotse dahil hindi ko pa rin daw keri sumakay sa car. Nakakalungkot lang na phase-out na ang jeep kahit dito sa probinsya. Wala na akong nakikitang "armak" o jeep sa amin. Sa trak na kasi isinasakay ang sako-sakong mais o kopra na kailangang ideliber sa lungsod. At lahat ng tao, kung walang sariling motor, sasakyan o service, ay kailangang pumara ng van sa highway para makapunta sa General Santos o mas tinatawag naming GenSan.

Ang totoo, dati, naduduwal din ako sa air-conditioned na mga kuwarto. Kaya noong bininyagan ang pinsan kong si Xy, labas ako nang labas dahil naduduwal ako sa amoy sa loob ng venue. Sa Casa Luisa kasi idinaos ang reception ng kaniyang binyag sa lungsod. Maraming mga tao. Mukhang mamahalin ang mga plato at kubyertos. Magkukunwari akong maglalaro sa labas, pero ang totoo ayaw ko talaga sa amoy ng kuwarto. Tulad ng pagkaduwal ko sa opisina ni Donya Azon kapag pumapasok ako roon para magsolicit sa tuwing sasali ako ng contest sa ibang bayan. O kapag pinapatawag si Lolo roon upang ibigay ang parte niya sa kopra na sinasaka kasama ng mga angkol ko sa lupang pagmamay-ari rin ni Donya Azon. Pero hindi naman ako naduduwal sa mga rides tulad ng ferris wheel o sa horror train. Siguro dahil mas nangingibabaw sa akin ang takot. Pero may mga pagkakataon talagang horror din sa akin ang pagsusuka. Palagi rin akong nagdadala ng plastik bag o selopin para sa suka tuwing bumibiyahe. Perwisyo 'di ba? Hindi lang nakakadiri. Nakakahiya pa.

Ilang beses nang humanap ng paraan si Mamang para hindi ako masuka sa van. Naririyan ang una niyang solusyon, ang pakainin ako ng maraming kendi. Hindi lang basta-basta kendi, dapat Snow Bear. Hindi matamis. Medyo maanghang. Tamang-tama bilang pangontra sa amoy ng van. Kaya bago kami bumiyahe, pupunta muna kami sa tindahan ni Ante Neneng para bumili ng maraming kendi. Pero wa epek pa rin ito sa akin. Kaya napapakamot na lang sa ulo si Mamang. Ang kuwento niya, hindi naman daw ako nagsusuka sa biyahe noong maliit pa ako. Aliw na aliw pa nga raw ako sa pagsakay sa van at lagi akong nakikipagkuwentuhan sa ibang pasahero. Kaya nagtaka siya kung bakit ito na ang naging skill ko no'ng sampung taong gulang ako. Sobrang hasol daw. Suka pa rin kasi ako nang suka kahit pa pinapainom niya ako ng bonamin. At masyado talagang maingay ang pagsusuka ko kaya mas lalong hasol.

Hindi naman lahat ng eksena ko ng pagsusuka ay nakakahiya. Iyong iba mild lang, pero karamihan, mas malala. Natatandaan ko dati, noong Grade 5 ako, pumunta kami sa M'lang North Cotabato para lumahok sa Regional Schools Press Conference kasama ang mga pambato ng ibang paaralan mula sa aming bayan. Katabi ko sa front seat ang kinatatakutang titser na si Ma'am Logarta mula sa central school. Sabi nila istrikta si Ma'am Logarta. Alam mong galit na siya kapag nakataas ang isa niyang kilay. Pinatabi kay Ma'am Judith ang mga kaklase ko na hindi nagsusuka. Si Ma'am Judith ang aming school paper adviser. Ako lang ang inihiwalay sa kanila. Sabi ni Ma'am mas okay na nasa front seat ako para raw hindi ako magsuka. Lungkot na lungkot ako. Sa biyahe, hindi ako kumikibo at pigil na pigil talaga ang tiyan ko sa napipinto nitong paghilab. Alam kong anomang oras ay masusuka ako. Pero, sa isip ng batang ako, hindi si Ma'am Judith ang katabi ko, nakakahiya kay Ma'am Logarta kapag nagsuka ako. Pero kailan ba dapat nilulugar ang pagsusuka? May tamang lugar ba talaga sa pagsusuka? Paano nga kung sukang-suka ka na. Pero hindi dapat ako masuka. Paulit-

ulit kong bulong sa sarili. Mukhang naging matagumpay naman ang aking pagtitimpi dahil hindi ako nagsuka sa buong biyahe. Ilang checkpoint din at kampo ng mga sundalo ang hinintuan namin bago kami makarating sa aming destinasyon. Kung saan-saang gasoline station din kami naki-CR. Akala ko magtutuloy-tuloy na ang aking tagumpay dahil mukhang kaya ko namang pigilan ang aking pagsusuka, pero pagkababa namin sa van biglang parang nag-aalburutong bulkan ang aking tiyan. Tiyempo naman na binuksan na ni Ma'am Logarta ang pinto ng van, pero bago pa man siya makababa, naisuka ko na sa kaniyang damit ang kinain kong almusal na chorizo. Dinig ko ang kanyang malakas na "Oh noooo!" Kahit di ko nakita alam kong nagtaas siya ng kilay. At napakamot na lang sa ulo ang aking school paper adviser. Nakakahiya talaga!

Naging malaking suliranin sa akin ang pagsusuka ko sa mga sasakyan. Umaani rin ito ng samo't saring reaksyon. Ang iba nandidiri. Ang iba natatawa. Ang iba walang pakialam at may ibang nasusuka rin. May mga eksena kung saan maririnig ko si Mamang na magbubulyaw, "kung di ka titigil sa kasusuka, iiwan kita rito," o "di na kita dadalhin sa susunod." Kaya naging suliranin sa akin ang motion sickness ko, lalo pa at van lang ang tanging masasakyan namin papunta sa siyudad. Minsan iiyak ako kapag nandiyan na ang van. Umaatras ang mga paa ko at nangangatog ang tuhod ko. Tapos tatakutin ako ni Mamang, "Sige maiiwan ka rito!" "Anong gusto mo, magtricycle? Bukas ka pa makararating sa GenSan!" "Hindi ka makakasama sa KCC!" Tapos maririnig ko ang hagik-gikan ng mga tao na kasabay namin sa biyahe. Totoo naman ang sinasabi ni Mamang, tatlong oras ang biyahe papunta sa lungsod, dalawa at kalahati kung walang masyadong sasakyan sa kalsada at dalawang oras o isang oras at tatlumpong minuto kapag lalong binilisan ng driver ang pagda-drive. Parang biyaheng langit na rin 'yon. Pero lahat 'yon kailangang tiisin ng lahat ng taong gustong makapunta sa KCC at kumain sa Jollibee! Noong mga panahong 'yon sikat ang mga batang

nakakapunta sa mall. Bida ang tingin sa kanila kapag nakapunta sila sa isa sa pinakamalaking mall sa buong lungsod.

Sa biyahe, alam ni Mamang kung saang bahagi ako magsusuka nang magsusuka. Kapag nasa Siguil bridge na kami. Ang Siguil o Tampat ang tawag sa lugar na 'yon, kung saan liko-liko ang daan. Makikita ng pasahero ang bundok sa kaniyang kaliwa at dagat ang Sarangani Bay sa kaniyang kanan. Sabi ni Mamang makasaysayan ang lugar na iyon, dahil dati 'yung lubog sa tubig-dagat. Kaya nga sa ibabaw ng bundok may isang malaking kabibe raw. Mayroon itong perlas na pinakuha ni Imelda Marcos. Ginawa niya kasing bathhub ang kabibe. Kulay puti ang bundok ng Siguil, parang bato. Malalaman daw namin kapag tumaas ang sea level kapag kinain na ng dagat ang Siguil sa susunod na mga panahon. Anyways, nakakahilo talaga sa bahaging 'yon. Tapos sasabihin ni Mamang sa akin na huwag ko raw iisipin na masusuka ako. Pero ano ang magagawa ko? Naiiyak ako kapag nakakakita ng van. Para akong sinusundo ng kabaong tungo sa kabilang buhay. Ang biyahe ay parang mahabang pagluluksa habang nakatanaw sa malawak, asul at walang katapusang dagat. Tila dinuduyan din ako ng alon mula sa bintana.

## II. RITWAL KUNG PAANO LABANAN ANG SUMPA NG PAGSUSUKA

Bukod sa pagkain ng kendi, kung ano-ano na rin ang ginawa ni Mamang para hindi ako magsuka. Nandiyan ang painumin ako ng gamot, pasuotin ng makapal na jacket para hindi malamigan, mag-facemask para hindi maamoy ang masamang amoy ng aircon o 'di naman kaya huwag na lang kumain ng almusal para walang isuka. Uminom na lang ng gatas o kape para mainitan ang tiyan bago bumiyahe. Pero wala pa ring epekto ang mga ito sa akin. Sumusuka pa rin ako kahit wala na akong maisuka.

Noong minsang sumama ako kay Mamang papunta sa lungsod at nakasabay namin si Ma'am Resty, ang guro ko no'ng Pre-School, pinakuha niya ako ng bato bago ako sumakay sa van. Sabi niya sumpa raw ang pagsusuka, kaya kailangang kontrahin ang sumpa. Kailangan kong magdala ng bato at hawakan ito sa buong biyahe. Kaya bago nakapara ng van si Mamang, pumulot si Ma'am Resty ng bato at pinakuyom sa aking palad.

"Huwag mong bibitawan," paalala niya sa akin bago kami sumakay.

"Ibulong mo na hindi ka masusuka," dagdag pa niya. Ginawa ko naman. Hinawakan ko ang bato sa loob ng ilang oras. At nagdasal. Pero wala pa ring epekto. Nagsuka pa rin ako at dinig na dinig 'yon ng lahat ng pasahero.

Alam ko ring ikinakahiya ako ni Mamang, bulong niya sa akin "ang lakas ng suka mo." Pero di na ako nakasagot dahil hilong-hilo na rin ako. Teenager na ako no'ng nalaman na maingay pala talaga ang pagsusuka ko, dahil nakasabay ko ang pinsan ko sa biyahe at nagsuka rin siya pero wala akong narinig na tunog. At noong lumaki na ako, nakita ko rin na nagsusuka ang katabi kong Tatay sa van ngunit wala akong narinig na anomang ingay mula sa kaniya. Hindi malala tulad ko.

Kung hindi pangontra sa sumpa, tips naman ang ibinigay sa akin ng iba. Sabi nila, tumingin lang daw ako sa daan, o sa mga punong nadadaanan para hindi ako mahilo at magsuka. May nakapagsabi na dapat sa front seat ako sumakay katabi ng driver at dapat nakatutok lang ako sa daan. Sabi naman ni Lola, matulog na lang daw ako hanggang sa makarating sa GenSan. Sabi ng Nanay ng kaklase ko makinig daw ako ng music. Pero kahit ginawa ko na 'yon, iniluwa ko pa rin ang lahat ng laman ng aking tiyan. Minsan pa nga pagsakay pa lang humihilab na ang aking tiyan. Hindi ko rin alam kung bakit. Ang alam ko lang ayaw ng sikmura ko.

Kaya sa bawat biyahe, biyaya sa akin na laging nasa tabi ko si Mamang. Siya kasi ang tagapahid ng efficacent oil sa likod ko tuwing

mamamatay na ako sa kasusuka. Siya ang tagatapik o tagahagod sa likod ko. Tapos sasabihin niya sa akin "malapit na tayo, konting tiis na lang," kahit pa ang totoo ay napakalayo pa namin sa aming destinasyon. Naalala ko noong bata pa ako, pagkatapos kong magsuka sa selopin, agad kong itatanong kay Mamang, "malapit na ba?" habang nakasandal sa bisig niya.

"Oo, malapit na tayo sa KCC," madalas sagot ni Mamang. Hindi ko alam kung bakit kami natatagalan. Kung bakit napakalayo pa rin ng "malapit na tayo" ni Mamang. Pero noong nagkaedad na ako, pakiramdam ko, naabala lang kami dahil sa trapik, marami kasing sasakyan sa lungsod o baka niloloko lang talaga ako ni Mamang o pinapaasa na malapit na nga para hindi ako mainip.

Noong nagsekondarya ako, ganoon pa rin ang problema ko pero n'ong nagtagal na, nakita ko na hindi pala ako nagsusuka kapag nakabukas ang bintana ng van. Salamat sa hangin. Kaya lagi akong nakikipag-agawan ng puwesto sa mga kaklase ko at sa iba pang pasahero sa tuwing sasakay ng van. Gusto ko ang window seat.

Minsan hihilingin ko sa iba na ako na lang ang nasa bintana dahil nagsusuka ako. May mga pasaherong papayag, pero may iba naman na hindi ko na yayayaing makipagpalit ng puwesto, lalo na ang mga di ko namumukhaan o mga bagong dating sa aming bayan. May iba namang nagtitiis na lang na makatabi ako at pasimpleng magpapabango o mag-a-alcohol para mawala ang mabahong amoy ng suka ko. May mga biyaheng nakayuko na lang ako at ayaw na mag-angat ng ulo sa labis na kahihiyan, at may mga pagkakataong inilalabas ko ang ulo ko at lagi akong nakapamintana sa bintana ng van. Pero may mga biyaheng kahit nasa bintana na ako, nagsusuka pa rin ako. Para akong lasing o buntis. Gusto ko na talagang lagyan ng packaging tape ang aking bibig.

## III. ANG PAGSUSUKA AY NASA ISIP LANG, WALA SA TIYAN

Hindi ko naman talaga iniisip na masuka sa biyahe. Kaya hindi ako kumbinsido sa sinabi ng Biology Teacher ko na si Ma'am Vivian na baka psychological ang lahat. Na nasa isip ko lang. Sabi nila, makapangyarihan daw ang utak ng tao, kung ano ang iniisip natin, nagkakatotoo, o minsan nakakaapekto sa atin.

"Kaya ka nagsusuka kasi iniisip mo na masusuka ka!" Bulalas sa akin ni Mamang pagkatapos kung masuka at habang nagsusuka. Grabe. Parang double kill 'yon sa akin. Ako pa ang nasuka ako pa ang napagalitan. Pero alam kong hindi ito nag-e-exist lang sa isip ko. Lagi ko ngang sinasabi "hindi ka masusuka, hindi! Hindi! Hindi!" Kinakagat ko nga ang dila ko paminsan-minsan kapag malapit na akong masuka. Minsan iniisip ko rin ang masasayang alaala para makalimutan ko ang masamang pakiramdam habang nakasakay sa van. Mga magagandang memories. No'ng nanalo ako sa journalism, no'ng nakita ko si crush, 'yong first kiss ko. No'ng sinabitan ako ni Mamang ng medalya sa entablado habang nakasuot ng toga. Minsan iniisip ko si Hesus. Nagdarasal ako sa kaniya, sa isip ko. Lord, please! Pero pagkatapos ng ilang segundo maghahanap na ulit ako ng selopin. Ibang-iba ang motion sickness sa sasakyan. Ang pait. Ang saklap. Hindi ko maipaliwanag.

Naalala ko dati noong tumuntong ako ng kolehiyo, kinailangan kong pumunta sa Tagum City para makipamuhay sa mga katutubong Mamanwa na aming iinterbyuhin para sa isang pananaliksik. Kinailangan kong bumiyahe mag-isa dahil nauna na ang aking mga kaklase. Kinailangan ko kasing magperform ng Spoken Word sa isang mall, kaya kapalit n'on ang pagbiyahe nang mag-isa. Grabe ang hirap na pinagdaanan ko. Halos sumandal na ako sa balikat ng isang estranghero dahil wala na akong lakas sa buong biyahe na umabot sa tatlong oras. Sa biyahe, may nakatabi akong isang

lalaki na nasa kuwarenta anyos na. Kuwento nang kuwento ang lalaki tungkol sa asawa niya na nang-iwan sa kaniya habang umaandar ang sasakyan. Pero siyempre wala na ako sa wastong huwisyo para makinig pa sa MMK life story niya dahil humilab ang aking tiyan. Tingin ako nang tingin sa bintana, pero wala akong makitang signage kung nasaan na ako dahil sa kapal ng hamog. Liko-liko pa ang daan. Sa huling banda, nasuka pa rin ako sa tabi niya. Una siyang bumaba sa akin. Tinanong niya kung kaya ko ba ang sarili ko, pero sa sobrang hilo, hindi ko na nagawang sumagot kahit tango man lang. Hindi ko naman iniisip na nasusuka ako, tiyan na mismo ang nagsasabi sa akin na nag-aalburoto nga ito, at hindi lang talaga ito guniguni. Ang matandang lalaking nakasabay. Ang hamog sa bus. Ang MMK story tungkol sa asawa niyang nang-iwan sa kanila. Hindi 'yon sa isip lang. Bago siya umalis, tinapik niya ako sa balikat.

## IV. SI CRUSH

Minsan, noong pag-uwi ko sa amin sa probinsiya, nakatabi ko si crush sa van. Kababata ko siya. Aldrin ang pangalan niya. Lagi ko siyang nakakasamang magrosaryo sa bahay ng Angkol ko sa poblacion. Marunong siyang umawit. Matalino siya at magaling magsulat. May-ari sila ng kaisa-kaisang funeral parlor sa aming bayan. Nasa kolehiyo na kami noon at ilang taon din kaming hindi nagkita. Nauna siya sa aking dumating sa terminal at nauna siyang sumakay sa van. Hindi naman ako puwedeng maghintay ng kasunod na van dahil ayokong gabihin sa biyahe. Naku po! Sa dinami-dami ng puwede kong makasabay, bakit siya pa? Dapat kiligin ako 'di ba? Pero takot na takot ako dahil baka magsuka nga ako sa biyahe at marinig niya. Ano na lang ang iisipin niya tungkol sa akin? At oo, nagkatabi nga kami. Sa biyahe, kuwento nang kuwento si crush tungkol sa buhay niya, kung saan siya nag-aaral at sa iba pang extra-cur niya. Noong una ay nag-alala ako na

baka mag-alburoto ang tiyan ko. Baka hindi lang ako masuka baka mautot din. Sobrang nakakahiya nga noon. Siyempre, tango lang ako nang tango, habang nagsasalita siya. Di ako nakakapagsalita dahil tinatakpan ko ang ilong at bibig ko dahil sa mabahong air-condition ng van. Pigil na pigil talaga ang bibig ko. Ayokong masuka. Hindi sa mga sandaling katabi ko si crush. Di ko namalayan na nakarating na pala ako sa aming baryo at ganoon na pala kahaba ang naikuwento niya sa akin. Hanggang sa kinailangan ko nang pumara. Pagbaba ko, saka ko pa lang naalala na hindi ako nasuka sa van sa loob ng ilang oras. Pero siyempre, hindi ko rin siya nakausap sa biyahe.

## V. WHEN IN CAMIGUIN

Noong 2018, pumunta kami sa Camiguin Island kasama ang aking mga co-teacher sa isang pribadong institusyon. Tumawid kami sa kabilang isla at nagbakasyon. Pagkatapos ng mahabang land travel sakay ng van, agad kaming tumungo sa isang pantalan para sumakay ng malaking bangka. Kinailangan naming sumakay ng lantsa papunta sa Camiguin. Diyos ko. Yong tiyan ko humihilab. Pag-akyat pa lang namin sa lantsa naduduwal na ako. Nawalan ako ng balanse. Ang masama pa, naghanap agad ng CR ang tiyan ko. Kaya tinungo ko ang nag-iisang palikuran ng baruto. Ang daming nakapila. No'ng ako na ang papasok, pagtingin ko, agad akong naduwal. Ang liit ng CR at ang dumi. Maraming buhok at mapanghi. Ang hirap pala mag-CR sa mabahong palikuran habang naduduwal. Di ko alam kung alin ang nakakasuka, ang CR o ang lantsa o ang sitwasyon. Pagbalik ko, nangunyapit ako sa mga bangko, dahil naglalayag na ang lantsa. Gumagalaw na kami. Dinuduyan na kami ng alon. Hindi rin ako nakatulog dahil hilong-hilo sa biyahe sa dagat. Tiningnan ko ang mga pasahero, ang iba natutulog sa bangko, ang iba kumakain, ang iba nakayakap lang sa isa't isa pero gising. Nakita ko

sa isang sulok ang may-ari ng paaralan na aming pinapasukan, tahimik lang sila Teacher R at Teacher K pero hindi natatahimik ang tiyan ko. Sabi ko e, kung marunong lang akong sumisid at kung nakakahinga lang ako sa ilalim ng dagat tulad ng mga kapatid nating Sama de laut, baka matagal na akong tumalon mula sa bangka.

"Okay ka lang ba, Cher?" tanong sa akin ni Ma'am Jen, ang aking co-teacher na katabi ko sa lantsa. Para ko na siyang Nanay dahil sa kaniyang mapagkalingang kamay.

Tango lang ang naging sagot ko, kahit pa ang totoo ay di ko maipaliwanag ang aking nararamdaman. Wala akong laban. Nararamdaman ko ang mahinang pagtibok ng aking puso. Para akong hinihigop sa kadiliman. Binabayo kami ng alon. At sa bawat paghampas ng alon sa bangka ay tila pagyugyog sa buo kong pagkatao. Para akong dinadaganan ng buong gusali. Para akong binubugbog. Hinihila. Tinutulak. Hinahatak. Paglingon ko nakita ko ang mga co-teacher ko na naggu-group picture. Yong tipong laging nagtatawanan lang sa buong biyahe. Kumakain ng Piattos at umiinom ng Coke. Naku! Buti pa sila lamon nang lamon. Huhu! Ako ito, suka lang nang suka sa lupa man o sa dagat. Isang dagatun.

## VI. SI ATE GIRL SA BIYAHE

Sa bawat biyahe, may makikilala kang mga tao na may sarili ring kuwento. Nakakilala ako ng batang babae na nakatabi ko sa van. Tahimik lang siya at paminsan-minsan, pasimple niyang tinitingnan ang mga katabi. Tulad ko, may pasalubong din siyang mansanas na binili namin sa matandang lalaki kanina sa terminal. Mas matanda ako sa kaniya. Alam ko 'yon kahit naka-face mask siya. Pero hindi niya marahil alam na titser na ako, dahil magkasingtangkad lang kami at para lang daw talaga akong bata sabi ng iba.

Nakita kong nakatutok siya sa screen ng kaniyang selpon. Di ko kaya ang ginagawa niyang magsurf nang matagal sa internet habang bumibiyahe. Iba na talaga ang kabataan, sabi ko sa sarili, kayang-kaya nila magmulti-tasking. Ako naman sumasakit ang mata. At 'yong mata ko parang nakakabit na sa bituka ko dahil nararamdaman ko ang paghilab ng aking tiyan. Habang bumibiyahe, ayos lang naman ang pakiramdam ko. Hindi ako nasusuka. Pero noong nagtagal na, hindi ko na nagugustuhan ang pagmamaneho ng driver. Hilong-hilo ako at naduduwal. Pagtingin ko sa mga taong katabi ko, tulog-mantika silang lahat. Maliban sa aming dalawa ni Ate Girl. Agad kong inilabas ang aking efficacent oil at umalingasaw ang amoy nito sa buong van. Agad ko itong ipinahid sa aking likod, batok, tiyan at kamay. Pinisil ang aking palad. No'ng nakita niyang hinang-hina na ako, agad niyang sinabi na tanggalin o paluwagan ko raw ang butones ng aking pantalon kapag sukang-suka na ako. Mawawala raw ang pagsusuka ko kapag nakahinga ang aking sikmura. Nakita niya siguro na ang sama na ng lagay ko. Noong una hindi ako naniwala, pero noong sunod na biyahe ko bigla akong nakaramdam na gusto kong sumuka, naalala ko si Ate, agad kong tinanggal ang butones ng aking pantalon. Naku! Magic! Totoo nga! Parang biglang nakahinga ang aking tiyan. Ayos! Mas nakakabuti talaga na may kasama ka sa bawat biyahe. Mas mainam din na may mga estrangherong handang tumulong sa iyo. Kaya 'yon na rin ang ginawa ko sa pamangkin kong si Jaja noong minsang sumabay siya sa akin pauwi sa probinsiya sakay ng bus. Tulad ko, nagsusuka rin siya sa bus o sa van. Noong naramdaman ko na parang masusuka na siya, agad ko siyang pinahiran ng efficacent oil. Pinisil ko rin ang kaniyang kamay, ang lamig ng kaniyang mga kamay! Pagkaraan ay sabi ko sa kaniya na paluwagin niya ang butones ng kaniyang pantalon. Parang nasusuka na rin ako. Diyahe! Kaya agad ko siyang minasahe at sinabing isuka mo na lang kung hindi na talaga kaya. Pero proud ako sa kaniya, bumaba kami na walang nasusuka sa aming dalawa.

# VII. ANG PAGSUSUKA AY WEATHER WEATHER LANG

Noong wala na si Mamang para alalayan ako sa biyahe, nagbago na rin yata ang reaksyon ng aking katawan sa bawat pagsakay at paglalakbay. Natuto na marahil akong labanan ang aking sikmura at ang aking pagkahilo. Noong malapit na akong grumaduate sa kolehiyo, napansin kong minsan na lang akong masuka sa biyahe. Nahihilo at naduduwal pa rin ako, pero kaya ko na itong pigilan o kontrolin. Hindi na ako nasusuka no'ng pumunta ako sa Lake Sebu sa South Cotabato at sa Maguindanao para mag-Spoken Word. Posible nga sigurong nasa utak ko lang ang lahat. O posible rin na nag-enjoy ako sa mga nakasama ko sa biyahe. O baka mas nangibabaw sa akin ang excitement. Puwede ring sabihing nasanay na ako.

Noong 2019, nakapunta na ako sa El Nido Palawan at Cebu nang hindi nasusuka kahit sa eroplano. Bumiyahe rin ako ng 18 hrs papunta sa Iligan para sa writing workshop at himalang hindi na ako nasuka. Siguro dahil mas naramdaman ko ang takot dahil bumiyahe akong mag-isa sa loob ng napakahabang oras. Napansin kong ilang bus station na ang hinintuan namin pero hindi pa rin ako nakakarating sa Iligan. Mula sa Davao huminto kami sa Digos, tapos mula sa Digos huminto kami sa Bukidnon, tapos sa Cagayan de Oro hanggang sa nakapunta na nga ako sa MSU-IIT. Ilang terminal na ang aming hinintuan at nakikita ko kung paano umaalis ang ibang pasahero at kung paano nadadagdagan ng ibang mga mukha ang loob ng sasakyan. Mas lalong nakakahilo. Pero hindi ako nasuka, dahil mas kailangan kong maging matapang para sa aking sarili. Hindi lang kasi sarili ang kailangang bantayan kundi pati ang aking dala-dalang maleta, selpon at pitaka. Hindi talaga puwedeng papatay-patay. Ayoko ring maligaw sa Hilagang Mindanao. Naalala ko tuloy ang bidang si Natsu sa *Fairytail* na isang anime. Apoy ang kaniyang kapangyarihan pero may motion sickness

din siya. Noong minsang nakipag-away sila sa mga kalaban sakay ng tren, naduwal si Natsu at nanghina. Nakatulog siya at kailangan pa siyang iligtas ni Lucy, ang kaniyang kaibigang babae na isa ring wizard sa isang guild. Naisip ko, gaano man kalakas ang isang tao, kapag nakaharap na niya ang kaniyang kahinaan, paniguradong magiging mahirap para sa kaniya ang laban.

Akala ko dahil hindi na ako nasuka ay wala na. Pero noong pag-uwi ko mula sa workshop, nagsuka ulit ako. Wala akong dalang selopin dahil ang akala ko nga hindi na ako magsusuka. Kaya naman nagmadaling maghanap ng selopin ang konduktor ng bus. Akala ko wala na sa akin ang sumpa, weather weather lang pala.

## VIII. SUKA SA PANAHON NG PANDEMIC

Sinubukan kong sakyan ang bagong normal noong pandemya. Kaya naman kahit may banta pa rin ng virus, bumiyahe pa rin ako sa South Cotabato para ihatid ang manuscript ng aking tesis. Doble ang suot na facemask at naka-shawl pa. Halos magtago ako sa ilalim ng aking kulay kayumangging shawl. Mahaba-habang biyahe 'yon dahil dalawang siyudad ang kailangan kong lakbayin bago makarating sa tarangkahan ng unibersidad. Kailangan kong bumiyahe mula baryo hanggang GenSan at mula GenSan hanggang Koronadal. At may dala-dala rin akong printer. Epson 3310 dahil sa eskwelahan ako magpiprint. Mahal kasi ang printing sa mga tindahan. Kahit may virus, kailangan ko pa ring magpa-hardbound ng tesis. Tapos ko na itong idepensa online pero kailangan ng hardbound para matapos ang Master degree. Kailangan kong grumadweyt. Hindi naman titigil ang mundo o ang akademya dahil sa COVID-19.

Ayos naman ang biyahe papunta, pero noong pauwi na ako, nagsimula na ang aking dilemma. Natagpuan ko ulit ang aking sariling nasusuka kahit gitgitan sa loob ng van. Palagay ko dahil sa pagmamaneho ng driver. Mabilis at pabigla-biglang pumipreno ang drayber ng sinasakyan naming van. Marami ring bumababa. Dali kong kinapa ang aking bag para maghanap ng sasalo sa suka ko, pero wala akong makapang supot. Puwede ba 'yong tuwalya? Sa bag? Sa mask? Hindi. Sabi ko sa sarili. Ayoko rin magbaba ng facemask dahil napakarami namin sa loob ng sasakyan at natatakot pa rin ako sa banta ng Delta Variant. Ayokong malanghap ang kanilang mga hininga. Ang ginawa ko, nilunok ko na lang ang suka ko. Iyon pala ang pinakamahirap sa lahat. Yong tipong iniluluwa mo na pero hindi pwede, kaya ibabalik mo ulit. Parang 'yong mga salita na lumalabas sa bibig mo pero kakainin mo ulit. Yong mga bagay na ginawa mo kahit sabi mo hindi mo gagawin. Nakakahiya 'di ba? Hindi ako makapagsalita pagbaba ng van. Inalalayan ako ng drayber ng van at kasama kong pasahero. Tinulungan nila akong sumakay sa traysikel.

"Saan ka bababa, Miss?" tanong sa akin ng drayber ng traysikel pero hindi ko siya sinagot. Binuhat niya ang aking printer at isinakay sa traysikel. Agad na lang akong sumakay sa traysikel. Ipinuwesto ng drayber ng van ang aking printer sa loob ng traysikel katabi ko. Tinanong ako ng drayber kung saan ako bababa, pero wala siyang sagot na narinig mula sa akin. Buti na lang magkalapit lang ang binabaan namin noong nakasama kong lalaki. Pagbaba niya agad akong lumundag mula sa tricycle at isinuka ang matagal ko nang pinipigilan sa bibig ko.

"Sorry Kuya! Diyan lang ako sa kanto," sabi ko kay Kuya Driver habang nagpupunas ng bibig.

# IX. SUSUKA PERO HINDI SUSUKO

Mahirap bumiyahe. Lalo na kung mag-isa ka. Masarap ang field trip o road trip kapag kasama ang kaibigan at pamilya. Kolehiyo ako noong unang naranasang bumiyahe nang wala si Mama. Una, takot na takot ako at kinakabahan dahil baka mawala ako. Di ko pa naman kabisado ang daan dahil nagmula ako sa maliit na baryo sa Sarangani province, kung saan magkakalapit lang ang simbahan, palengke, paaralan, at health center. Pero dahil kinailangang mag-aral sa lungsod kaya kailangang kayanin. At di nagtagal nasanay na rin. Ang totoo, ang bawat biyahe ay pagsubok. Minsan, nakakapagod ang bawat pag-alis at pagbabalik sa sariling bayan. Naalala ko noong hayskul ako, may mga kaklase akong hindi nag-aral sa lungsod dahil hindi kayang iwan ang kanilang Nanay at Tatay. Ang karamihan sa amin ay takot pumunta sa siyudad dahil maraming sasakyan at matataas ang mga gusali at talagang napakaraming tao (at karamihan din sa amin ay takot tumawid sa kalsada.). Sa tuwing nahihirapan ako at nagsusuka, minsan naiisip ko, puwede naman akong mag-aral sa karatig-bayan. Puwedeng bumiyahe kahit magmotor lang. Bakit kailangan ko pang lumuwas sa lungsod at mabuhay mag-isa sa lugar na napakalayo sa amin? Nakakatawa ito pero may mga panahong nasusuka ako sabay iyak dahil namimiss ko ang aking mga magulang na naiwan sa bahay. Nangyari ito sa tuwing ayoko pang iwanan ang aming bayan, ayoko pang bumalik sa siyudad, pero kailangan dahil sa mga midterm at sa klase sa MSU. Kaya habang nasusuka ako tinatago ko rin ang aking mukha sa selopin. Tinatago ko rin ang aking luha.

Minsan nagiging ritwal sa akin ang pagsusuka, dahil habang nagsusuka ako iniisip kong isinusuka ko rin lahat ng problema na aking kinakaharap at ang lungkot na aking nararamdaman. Nakakahiya rin kasing umiyak sa van. Mas okay na ‘yong sumuka. Yong tipong inilalabas mo ang lahat ng negative vibes o negative energy sa katawan mo. Ilang beses ko

na ring sinuka ang maraming bagay. Hindi lang kanin o ulam, kundi mga pangyayaring gusto kong kalimutan, mga bagay na hindi kakayanin ng aking sikmura, lalo na kung patibayan ng sikmura ang labanan. Pero may mga bagay na ayokong lunukin ulit, tulad ng mga pangako at sumpang nabitiwan. May mga bagay na kailangan mong isuka at ibuga para hindi ka maimpatso. Hindi mo kailangang sikmurain lahat.

Alam kong hindi ako ang una at huling tao na masusuka sa bawat biyahe ng buhay. Pero susuka lang, hindi susuko. Dahil wala namang hindi kakayanin sa paglalayag sa dagat ng sariling kapalaran, kahit pa sa mga tulad kong dagatun. Iduyan man tayo ng alon, makikipagsayaw tayo sa panahon.